Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
## Document Action Tracking System
## Document Routing Slip

**Document No:** **DENRCO - AS RMD-2021-030784** **Print Date:** Wednesday, December 01, 2021

**Sender:** FLORANTE CANDIDO/CONRADO CORPUZ

**Address:** M. RODRIGUEZ ST., POBLACION DISTRICT 1, BROOKE'S POINT, PALAWAN

**Subject** LETTER DTD 10/29/2021 PATUNGKOL SA REKLAMONG IPINADALA NOONG MARCH 17, 2021 NI JELLESTER TOMANENG SA PRESIDENTIAL ACTION CENTER

**Addressee(s):** DENR Action Center / Hotline (Action Ctr./Hotline)

**CC Addressee(s):**

**Date/Time Received:** 12/01/2021 02:10:00 PM

| ROUTING AND ACTION INFORMATION | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **FROM** | **DATE/TIME RECEIVED** | **FOR/TO** | **DATE/TIME RELEASED** | **ACCEPTANCE REMARKS/ACTION REQUIRED/TAKEN REMARKS/STATUS** |
| | 12/01/2021 02:09:39 PM | DENRCO - AS RMD | | |
| DENRCO - AS RMD | | Action Ctr./Hotline | 12/01/2021 02:09:49 PM | |

*Encoder: Tadeo, Agnes S.*

307 54

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Brooke's Point, Palawan - 5305
Email Address: cenro_brkspt@yahoo.com

Department of Environment & Natural Resources
Records Management Division
RECEIVED
NOV 22 2021

Ika-29 ng Oktobre, 2021

Gng. CARMEN TOMANENG
Bgy. Poblacion District I
Brooke's Point,. Palawan

Minamahal na Ginang:

Ito po ay upang ipaalam sa inyo ang pagkakatanggap ng aming opisina noong October 27, 2021 ng referral ng inyong reklamong ipinadala noong March 17, 2021 ni Jellester Tomaneng sa Presidential Action Center.

Nais po naming ipaalam na mula noong pagkakatanggap namin ng Memorandum referral galing sa Puno ng DENR Action Center/Hotline tungkol sa inyong hiling na road right of way, ang mga sumusunod ang naging aksiyon ng tanggapang ito:

1. Sulat may petsa January 29, 2020 sa inyo para magsumite ng sketch upang ipakita kung saan ang hinihiling na right of way;
2. Liham may petsa February 19, 2020 sa Punong Barangay Poblacion District I, na humihiling na ipatawag ang mga claimant ng karatig na mga lote;
3. Pagdalo sa pagpupulong na ipinatawag ng Barangay noong March 9, 2020 na kung saan kayong magasawa lang ang dumalo;
4. Memorandum may petsa June 15, 2021 patungo sa DENR Regional Executive Officer kung saan ay ipinadala namin ang mapa kung saan naka sketch ang hiling na right of way ni Letecia P. Tomaneng, asawa ni Gene Tomaneng na may hawak na titulo ng Lot 63-J, Csd-04-015672;

Nais din po naming ipaalam na ang inaplayang lupa ng inyong biyenang babae ay Lot No. 63-A, Csd-04-015672 gamit ang siya ring mapang aprubado noong December 19, 1996 na naging basehan para maissue ang MSA 045306-05-0083 titulo para Lot No. 63-J, Csd-04-015672 sa pangalan ni Gene Tomaneng noong July 26, 2005 at pinagbasehan ng Extra Judicial Partition of Estate ng Hrs. of Rufino Aspiras Sr. at Flora Aspiras na may petsa April 28, 1997: na walang kapangyarihan ang aming tanggapan na baguhin ang isang approved plan hanggat walang kasunduan ang maaapektuhang claimant/s at lalo ng wala kaming kapangyarihan na magpagiba ng pader na inyong binabanggit. Ayon naman sa inyong alegasyong ang pader ang nakapasok ng eight inches, ito po ay mapapatunayan lamang ng pagsusukat ng isang pribadong Geodetic Engineer; at kayo po ang humingi sa akin ng address ng DENR Region IV dahil gusto ninyong kumuha ng certified copy ng Csd Plan 04-015672 at hindi ko po kayo inutusan na pumunta sa Regioal Office. Inuulit ko po ang aming payo na magusap-usap na lang kayong magkakamaganak kung paano maisakatuparan ang inyong hinihiling na right of way at ito ay mareresolba lang sa pamamagitan ng maayos na kasunduan.

M. Rodriguez St. Poblacion District I, Brooke's Point, Palawan 5305
Mobile: Globe: 09175028915; 09175028961
Gmail: cenro_brkspt@yahoo.com; cenrobrkspt@gmail.com

Ayon naman sa inyong reklamong nakabinbin na aplikasyon sa 63-A, Csd-04-0155672, ang lote po ay kasalukuyang nasasakupan ng aplay ni Gng. Ester Tomaneng sa ilalim ng MSA -045306-69. Ang isinumeting aplikasyon ng inyong asawang si Raul Tomaneng ay hindi opisyal na natanggap ng opisinang ito dahil narin sa kadahilanang hindi kumpleto ang nakapirma sa kalakip na Extra Judicial Settlement of Estate with Waiver of Rights may petsa April 26, 2018 at ang hindi nakapirmang si Sigrid Tomaneng Dy ay nagpahayag na ng kanyang pagtutol ayon sa kanyang liham may petsa August 13, 2020 at November 28, 2020. Hindi rin po namin lubos na maunawaan ang inyong iginigiit na ang lote ay exhange lot dahil wala kaming nakitang exchange para kanino, kung saan at kung ano ang ipinapalit.

Kaugnay dito, nais naming ipabatid na ang aming tanggapan ay handang tumulong kung ano man ang inyong mapagkasunduan sa nabanggit na usapin.

Para sa inyong kaalaman.

Lubos na sumasainyo,

**FLORANTE A. CANDIDO**
LMO III/Chief, RPS

Noted:

**CONRADO M. CORPUZ**
OIC-CENRO

DENR-CENRO
BROOKE'S POINT
RELEASED
DATE: OCT 2 9 2021
BY
NO: 2021-5250

Binigyang Sipi:

PCC – pcc@malacanang.gov.ph
DENR Action Center – actioncenter@denr.gov.ph
DENR Mimaropa Region – mimaroparegion@denr.gov.ph
PENRO – penropalawan@denr.gov.ph